Magasin ng BAGONG Buhay

LINGGO, MARSO 4, 1951

Inihahandog ng LVN ang

# "Bayan o Pag-ibig"

MAKULAY NA PAG-IBIGAN
AT KABAYANIHAN NOONG
PANAHON NG REBULUSIYON

Ginagampanan nina

**ROGELIO DE LA ROSA**
**TESSIE QUINTANA**

ROSA ROSAL — BEN RUBIO
TONY SANTOS

DIREKSIYON NI
**GREGORIO FERNANDEZ**



DALISAY — SIMULA SA MARSO 18 - 27



# "Ganito ang Pagluluto..."



Si Gng. Basilio Valdes (Rosario Legarda) ay kilala na isang dalubhasang tagapagluto ... mahilig magturo sa iba ng kanyang kaalaman. Makikita [illegible] tinuturuan si [illegible] sa tamang [illegible] sangkap para [illegible] timbale [illegible] isang lutuing Purico!



2. Kailangan ang mantika. . . kaya naman ang Purico ay nakahanda! Payo ni Gng. Valdes sa mga nag-aaral ay ganito: "Ang Purico ay pinakamagaling, pinakamatipid sa lahat ng paghuhurno, pagpiprito at paggigisa!"



3. "Nakita na ninyo! Kaya't napakadali ng pag-alsa ng hinuhurnong "shrimp timbales"" Talagang maaasahan ang Purico sa mahusay na paghuhurno!"



4 "Aba, tingnan n'yo, naluto natin Tayo lamang at ang Purico" galak na galak na sambit ni Maria Rita Araneta. "Talagang marunong ang titser, ano?" . . .at sa kanya'y sumasangayon sina Consuelo Araneta, Rose Marie Kahn at Erlinda Santos-Bayani!

PRC Recipe #177

## "SHRIMP TIMBALE"

½ kilong hipon
2 kutsarang Purico
2 pula ng itlog
2 kalamansi
1 kutsarang arina
1 latang gatas
1 sibuyas (maliit)
asin, paminta (panimpla)

Pakuluan ang hipon na may katas ng kalamansi. Alisan ng ulo at balatan. Dikdikin ang laman nito. Ihalo dito ang 2 kutsarang Purico, asin at paminta. Batihin ang pula ng itlog at ihalo sa mga sangkap. Gumawa ng puting salsa sa pamamagitan ng paghalo ng 1 kutsarang Purico, 1 kutsarang arina, at gatas. Isama rin ito sa mga naunang sangkap. Ibuhos ito sa mga tasa upang ito'y ihurno. Pasingawan ito sa mainit na hurno (350°-400°F) hanggang maluto.

Para sa 6 katao.

Panahon ng paghahanda: 40 minuto
Tinatayang halaga: P2.50

Galing kay Gng. Rosario Legarda-Valdes
163 San Rafael, Manila.





Ipadala ang inyong lutuin kay Purita, c/o Dept 5 P O Box 302, Maynila. Sa malalathalang lutuin ay pagkakalooban kayo ni Purita ng isang handog. Sa isang takip ng Purico ay maaari rin kayong magkaroon ng alin man sa nalathala nang lutuin.

*Always Pure! Always Rich!*


P-11-177

"Ang Ibang Bansa Ay Nag-aangkin Ng Mga Makasaysayang Lihim. Tayo Nama'y Lumilikha Ng Kasaysayan. He, he!"





*Nalathala sa pahayagang* "THE WASHINGTON POST"
Washington D. C., Estados Unidos

"Limang Milyon Silang Lahat — Kapakipakinabang!"



Nalathala rin karikatan sa "THE WASHINGTON POST". Inilalarawan sina Stalin, Molotov at isa pang pinuno ng Hukbong Ruso na nagpupulong ukol sa mga gagawin sa milyun-milyong taong ...


# Ang Pinapangarap Ng Mga Maybahay...



**PHILCO**


*Famous for Quality the World Over*

Ang PHILCO para sa 1951 ay naghahandog ng maluwag na mga lalagyan at kasangkapan para sa tanging paglilingkod sa pagpapalamig na nagdudulot ng makabagong utilidad at kasiyahan sa kusina. Ang bawa't bagong modelo ay may mga tanging sangkap na hindi matatagpuan sa ibang "refrigerator" at siyang pinakamabili sa mga kauri. Ito ang dahilan kung bakit ang PHILCO ay siyang pinipili ng mga babae sa 1951.

PHILCO Model 1104. 11 cu. ft sa lawang na "8", at ang lahat ng mga kahanga-hangang kabaguhan.



PHILCO — Famous for Quality the World Over



PHILCO 784. Pinakamabuting uri at mababang halagang "refrigerator" na 7.2 cu. ft. ang laki. "True Zero Zone Freezer Locker" na mapaglalagyan ng 28 libra ng pinalamig na mga pagkain "Full Width Adjustable Shelves."

COMPLETELY AIR-CONDITIONED


HEACOCK'S 600 ERA MEMBER

Ang Tindahan Ng Uri

600 Dasmariñas — Tel. 2-79-78 & 2-79-79

MAKINIG SA

"Music to Remember" sa himpilang DZMB tuwing Miyerkoles mula sa ika-9:00 hanggang ika-10:00 n.g. "Philco Fiesta" sa DZBC ...



**Ang bagong "Thunderjet" F-84F ng Estados Unidos na nasasangkapan ng 8 "machine gun" na may .50 kalibre. 24 na malalaking "rocket" sa ilalim ng mga pakpak at nakalilipad sa bilis na 600 milya sa isang oras. Ang aeroplanong ito'y higit na mabilis at nakapagdadala ng mabigat kaysa sa kamodelong F-84E na mapanagumpay na ginagamit ngayon ng Hukbo ng Magkakaanib sa digmaan sa Korea.**




Pakinggan sina Pugo at Togo sa "E dong Mapangarap" sa DZFM tuwing Martes mula sa ika-8:00 hanggang 8:30 P.M.
at
"Mga Kuwento ni Lola Basyang" sa DZPI tuwing Biernes mula sa ika-8:00 hanggang 8:30 p.m.


# Mga Sasakyang Panghimpapawid Ng E. U.


## (MGA LARAWANG KUHA NG USIS)

ANG mga sasakyang panghimpapawid ay may malaking nagagawa sa kapakanan ng sangkatauhan, bagama't sa isang dako, hindi mapabubulaanang ito'y nagagamit ding pamuksa sa tao sa panahon ng digmaan.


Sa mga bansa sa buong daigdig ay makapagmamalaki ang Estados Unidos sa pangyayaring siya ang may pinakamalakas at pinakamaraming mga sasakyang panghimpapawid na nagagamit sa panahon ng kapayapaan at sa panahon ng digmaan. Kabilang sa mga makabagong aeroplano ng Estados Unidos ang may katangitanging bilis, lakas at kapangyarihan, na nakalilipad ng halos 1,000 milya sa isang oras at nakapagdadala ng mabibigat na dalahing hindi makakaya ng pinakamakabago at pangunahing aeroplano ng ibang bansa.

Dahil diyan, ang Amerika ay hindi maaaring hamakin ng alinmang bansang nangangalandakang may malakas na hukbong panghimpapawid at di mangyayaring mangayupapa sa mga bansang manlulupig at may mapag-imbot na hangarin...!


Makikita sa mga larawan ang ilang uri ng sasakyang panghimpapawid ng Estados Unidos na nakalaan para sa mahahalagang gampanin...



**Mga panlabang "F-51 Mustang" ng Estados Unidos na inilululan sa isang bapor upang dalhin sa Italya, sa ilalim ng Palatuntunan sa Pakikipagtulungan sa Tanggulan ng Estados Unidos. Ang "F-51 Mustang" ay isa sa mga pangunahing panlabang aeroplano na lubhang "makapangyarihan" at may malaking nagagawa sa larangan.**




**Ang higanteng "Hawaii Mars" ng Hukbong Dagat ng Estados Unidos, isa sa pinakamalalaking aeroplano sa buong daigdig. Nagtataglay ng apat na makina at pakpak na may habang 200 talampakan, ang aeroplanong ito'y nakapaglululan ng 110 pasahero [illegible] Kuha [illegible] Sangley Point, Kabite. (U.S. Navy [illegible]**




Kabilang sa mga makabagong aeroplanong panlaban ng Estados Unidos ay ang "Hellcat F6F" na makikita sa itaas. Kuha ang larawan nang ibinababa ang isang "Hellcat" sa tagapagdala ng aeroplano Dixmude, sa Norfolk, Virginia, upang dalhin sa Pransiya kasama ng 48 pang mga aeroplanong panlaban na bahagi ng tulong na panghukbo ng Estados Unidos sa naturang bansa.







Isa sa mga kahangahangang aeroplano ng Estados Unidos ay ang Boeing KC-97A "Stratofreighter". Ginagamit ng Hukbo ng Nagkakaisang mga Bansa bilang lumilipad na ambulansiya sa larangan sa Korea, ang aeroplanong ito ay nagagamit ding tagapanustos ng gasolina sa himpapawid, at nakapagdadala ng humigit-kumulang sa 150 kawal na sandatahan. Sa unang larawan sa itaas ay makikita ang kahangahangang aeroplano na nagsasalin ng gasolina sa isang Boeing B-50D "Superfortress" samantalang nasa himpapawid; sa ikalawang larawan ay ipinakikita ang mahabang tubong ginagamit sa pagsasalin ng gasolina na [illegible]







Maging kayo'y nasa lupa o sa papawirin, malayo ang inyong masasaklaw sa maikling sandali at higit na maginhawa kaysa rati sa pamamagitan ng pinakabago sa mga sapatos na gomang ito.
Ang masarap na pakiramdam na tila kayo "lumalakad sa alapaap" ay matatamo lamang sa pamamagitan ng isang pares na sapatos na gomang "JACINTO'S custom-built — ng pinakamakabagong modelo ng lagi nang paunlad na kabaguhan ng pagawaan!

**Sa sumusunod na mga tanging katangian:**

- Malamig na pang-itaas
- Tanging laso ng sapatos
- Tanging disenyo
- "Cushioned In-step"
- Doble suelas



SA LAHAT NG PANGUNAHING TINDAHAN NG SAPATOS AT BAZAR

"ART LARSEN"
Sapatos para sa kampeonato sa tenis

**Jacinto** RUBBER & PLASTICS CO., INC.


5th Avenue, Grace Park, Caloocan, Rizal
Tel. 2-67-61




Ang Pangulong Quirino ay kabilang sa mga nanood sa "pagtakbo" ng makinang gumagawa ng lubid at sakong dayami na ipinakita sa madla sa katatapos na Tanghalan ng Samahan sa Industriya. Makikita sa larawan, buhat sa kaliwa, sina Gg. Servillano Batac, Jose Marcelo, Pangulong Quirino, Gng. Salvador Araneta, Hilario Henares at Inhinyero D. C. Pongos ng Fred Wilson & Co., Inc., na nasa ayos na nagpapaliwanag ukol sa kahalagahan ng mga makinang ito sa kapuluan.


# NGAYON ANG PANAHON UPANG SIMULAN DITO ANG ISANG INDUSTRIYA!

LUBID NA YARI SA DAYAMI
MAKINA SA PAGKIDKID



Ang mga sakong yari sa dayami, banig, lubid at pisi ay maaaring gawin mula sa dayami ng palay, ng kugon, patapong himaymay ng abaka, at sa mga iba pa, sa pamamagitan ng magaang na pakilusin at murang makina.



PANLALA NG
BANIG NA DAYAMI

Upang magtamo ng mga paliwanag pa ay sumulat sa


FRED WILSON & CO., INC.

677 DASMARIÑAS Maynila | Tel. 2-70-23 2-79-96 | MGA SANGAY: SEBU at ILOILO




## Dinalaw ng Pang. Pangulong Fernando Lopez Ang Himpilang Nabal ng E. U. sa Kabite...

Ang Pangalawang Pangulong Fernando Lopez ay tumanggap ng karangalang panghukbo nang dumaan siya kamakailan sa himpilang nabal ng Estados Unidos sa Sangley Point, patungo sa Lunsod ng Kabite bilang panauhing pandangal sa isang pagtitipong ginanap sa Cavite City High School. Makikita sa larawan ang Pangalawang Pangulo samantalang sinusuri ang mga tanod na pandangal ng Hukbong Dagat ng E.U., na inaabayan ni Almirante Francis P. Old. (U.S. Navy Photo).



## Marilag Na Tagapagligtas Ng Buhay

Nangunguna sa mga kababaihang nagsipagtapos sa paaralan sa pagsagip sa nalulunod na itinalaga sa paglilingkod sa Clark Air Force Base ay ang mga nakalarawan sa itaas, na makikitang muling nagsisipagsanay ng kanilang natutuhan sa 17 oras na kurso. Sa kaliwa ay si S/Sgt. Gerald B. Barber, samantalang itinuturo kina Mrs. James Thompson at Mrs. Merril D. Holmes ang isang wastong paghawak sa nalulunod, habang nagmamasid sina Mrs. William H. Mercer, Mrs. John A. Harrison at Mrs. John H. Camp. (U. S. Air Force Photo.)

# NANG MAGDAAN ANG DALUYONG



## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

(KARUGTONG)

At sa pansamantalang pagkapahamak ng Pilipinas, na walang naging sanhi kun di ang karaniwang mangyari sa alin mang digma na pag-urong at pagsulong ng mga naglalaban, ang pag-asa sa pagkabalik ng dating katayuan ay hindi dapat na mamatay. Kung wala na sana tayong mahihintay ay saka pa lamang dapat na maghinanakit, datapwa't ang katotohanan ay napatigil man dito ang labanan, ang kapalaran naman nitong payan natin ay pinaglalabanan ngayon sa larangang lalong malaki ng digmaan at ipaglalaban hanggang sa ang digma'y matapos, ng Estados Unidos ng Amerika.

Sa malaking bayang ito na siyang nananagot sa ipagiging isang malayang bansa ng Pilipinas dito sa dulong Silangan, na sa pagpapalagay na ipinatanaw sa atin ay matatawag na tunay na kasandugo, ay makaaasa tayo ng lubos na tulong at pagkatubos naman sa kasalukuyang kalagayan. Siya ay isang bayang hindi pa nagtataliwakas sa mga pangakong nabibitiwan at ang kautusan ng kanyang Kongreso na nagtatakda ng ating pagsasarili sa 1946, ay utos na sapilitang matutupad. Babawiin ang lahat at bawa't isa sa mga bagay na nawala sa Pilipinas sa digmaang ito, ganyan ang sinasabi ngayon ng marangal na Pangulo ng Estados Unidos ang Kagalang-galang na Franklin Delano Roosevelt at hindi sa minsan lamang na pagsasabi kun di sa ulit-ulit na pagsasalita at sa tuwing mababanggit ang Pilipinas. At sa mga gawang kanyang ipinakita sa pananong kasalukuyan ng digmaan, ang Pangulong Roosevelt ay nagpapatotoo sa kanyang mga sinasabi; inilagay na kagawad ng kanyang gabinete sa digma ang kinatawan ng Pilipinas sa Estados Unidos na si G. Elizalde, ipinantay ang mga pilipino sa mga amerikano sa paglasap at paggamit ng lahat ng mga karapatang taglay ng isang mamamayan sa Estados Unidos at ang napakalaking karangalang maipagkakaloob ngayon sa Pilipinas, bilang isang mapitagang pagkilala ng kabayanihan nito sa ginagampanang tungkulin sa digma, na pagpapapuri at pagdakila sa pangulo ng ating Malasariling Pamahalaan, ang Kagalang-galang Manuel L. Quezon na ngayon ay nasa Estados Unidos na at kinikilala roon ng lahat na mga bansa, na Pangulo ng isang pamahalaang kaanib.

Lahat nga ng tanda ay nagpapakilala na matapat sa atin ang Estados Unidos, na hindi siya nagbabago at siya pa rin ang tunay nating kasandugo. Kung hindi pa siya nakababalik dito hangga ngayong ika-24 ng Mayo ng 1942, at dapat namang isagunita na wala pang anim na buwang nakikipagdigmaan siya, ay sapagka't kailangan ang panahon sa mga paghahanda. Ang kanyang pagtulong sa Inglaterra, sa Tsina at sa Rusya, na mga bansang nailigtas niya sa pagkalupig sapagka't napadalhan ng mga kasangkapang kailangan sa matagalang pakikilaban, ay ikinalagay niya sa isang gipit na katayuan nang pataksil na lusubin ng Hapon sa mga lupaing kanyang kinakandili. Dito na rin sa Pilipinas ay nakita nating maliwanag na hindi siya nakagayak, at may lakas mang isinagupa sa mga di-inaasahang lulusob ay di-gaanong nakatagal sa pakikitalad pagka't kulang sa mga kagamitang hindi naman mahihiram sa iba o mabibili kaya kun di kailangang ihanda at ang paghahanda ay nangangahulugan ng panahon. Yayariin ang mga kagamitang ito at marami ang dapat na ipayari, kaya't magmadali man, gaya ng nangyayari, ay tatagal na sapilitan bago makatapos.

Ang masama at di na dapat iasa pa ng anuman ay kung umayaw na sana sa pakikilaban, tumalikod sa pakikitalad at agad humingi ng kapayapaan. Nguni't hindi, ang mga pagkasahol na inabot hangga ngayon ay nakapagpatibay lamang na lalo ng kanyang panata, na ipaglaban hanggang sa wakas ang mga simulaing ukol sa ikapananatili sa sanlibutan ng kalayaan at pagkakapantay-pantay na kanyang ipinagtatanggol sa digmaang ito, at ang pagtalaga na pagupuin ang manlulupig ay ipinakikita sa araw-araw na pagtitipon ng lakas at sa pagpapadalang walang likat sa larangan ng labanan sa Europa, hindi na ng mga kasangkapan lamang at kagamitan, kundi ng mga kawal pa at hukbong sarili, na káya namang ipadala ngayon.

Ang tangka ng Estados Unidos ay maliwanag: tapusing madali kung saan dapat tapusing talaga ang madugong digmang ito na sumasalot na sa sangkatauhan, at sa Europa, na kinalalagyan ng pinakamataas, na manibala ng mga nagsisisamba sa lakas, ay ibig niyang lutasin ang salitaan. Sa mangyayari nga sa Europa napapabitin ang katapusan ng digma dito sa dulong Silangan. Maaaring makapagmarangya ang Hapon at mag-akalang nanalo na siya, nguni't pagdating ng araw ng singilan ay makikitang siya ay nangarap lamang at ang inasahang matigas na lupang kinatutuntungan ay kumunoy pala na kalilibingan niyang nakaburol sa kabaong ng palalong hangad na tanghaling makapangyarihang panginoon sa dulong silangan.

Dapat ngang umasa at maghintay. Ang paghihintay ay siyang tanging sandata na magpapatibay sa ating tayo. Ang pagasa nama'y suhay na itatagal ng ating balangkas sa masasal na bayó ng kasaliwaang-palad na ating kinasusuungan. Maghintay at umasa pagka't may hihintin naman tayo at maaasahan. Kailangang buhayin ang pananalig sa ating mga puso upang tayo'y maging karapat-dapat sa biyayang hinihintay; ang sindak at pagpapakaaba ay hindi maghahatid sa atin sa malayo; ang tagumpay ay tinatamo ng mga nagpapakasakit lamang at kung nais nating sa pagsubok na itong tadhana ay minsan pang mapatunayan sa maraming matang nagmamalas, na hindi naman tayo alangan sa pinipita, ang ating mga puso at kalooban ay itaga sa anomang uri ng punyagi na kakailanganin upang mapasikat ang sariling araw ng ating magandang bandila at huwag payungyong sa liwanag ng isang araw, na sinasabing sumisikat pa lamang, ay nakapapaso na at tumutupok.

Kung ibig natin ng malinis na pala sa ating mga pagliluling-

gati, ay magpakamarapat tayo, sapagka't mga mararapat lamang ang nagtatamo ng ano mang bagay na na kalilnis-linisan.

Manalig at maghintay!

Sa samantala ay pakimatyagan natin ang mga nangyayari. Isang dula, na mahalaga pagka't may kinalaman sa kapalaran ng Pilipinas, ang kasalukuyang itinatanghal dito sa atin. Unang yugto ang idinaos na isang sapilitang pamahayag na di-umano'y patungkol sa tinamong tagumpay ng mga hapon, at ginawa noong ika-18 ng Mayo ng 1942. Ang unang yugto ay nagsimula sa pagsisigaw ng Banzi, na natapos sa pagtataas ni Serafin Marabut ng bandilang Hapon sa tagdang nasa Luneta, na hindi na kasama ang bandila ng Pilipinas.

Ang dula ay itinatanghal pa at nakapagitnang kasalukuyan ang nagsisiganap, na isa't isa'y may kanyang sinasabi sa palabas.

Ang kay Aquino ay ito:
"Ang inyong mga Kamahalan,
Mga Ginang at Ginoo:

Sa pangalan ng Lupon sa pagdiriwang ay tanging karapatan kong paabutin sa inyong mga Kamahalan, mga pinuno at kawal ng mga hukbong imperial hapones sa dagat at katihan, ang mataos naming pasasalamat sa pagdalo ninyo na nagbigay dangal sa pambansang pagdiriwang ng bayang pilipino.

Ito ang mataimtim na pagkakataon na ang matataas na pinuno ng Organizacion Central Administrativa ng Pilipinas ay tuwirang nakikilahok sa bayang pilipino upang ipagbunyi ang maningning na tagumpay ng hukbong imperial hapones sa dagat at katihan at ang pagsilang ng Bagong Pilipinas. Sa kanilang Mga Kamahalan, ang Ktt. pinuno ng Hukbong Imperial hapones; ang Ktt. pinuno ng plota imperial hapones; at ang Direktor heneral ng pangasiwaang militar hapones, kasama ang ibang mga kilalang pinuno at mga kawal, utang na loob naming kinikilala sa kanilang lahat ang maraming kabutihan na palaging ipinagkakaloob nila sa bayang pilipino at dahil sa hindi mahahalagahang tulong na tinanggap namin sa madaling ikatatatag at ipanganganasiwa ng komision Ehekutiba ng Pilipinas. Dahil sa kauntian ng panahon ay hindi minamarapat na magsalita ng marami, nguni't sa pagsasamantala sa pagkakataong ito, ay ibig kong liwanagin, na ang marangal na halimbawa ng matataas na maykapangyarihan ng hukbong dagat at katihan sa mga pilipino ay walang katulad sa kasaysayan ng mga lahing sakop at dahil dito ay hinihiling ko sa lahat at bawa't isang kababayan ko na kilalin ang katotohanang ito at gawin ang buong kaya sa pagpapanibagong tatag ng Pilipinas upang maging kaanib sa lupalop ng pinagsanib na kasaganaan ng Lalong Malaking Silangang Asia sa ilalim ng pamamatnugot at pamamatnubay ng pangasiwaang militar hapones."

Ang kay Vargas ay ganito naman:
"Inyong mga kamahalan ,
Mga Ginang at Kaginoohan:

"Sa gitna ng pangkalahatang pagbubunyi na bunga ng maningning na mga tagumpay ng hukbo na ipinagdiriwang ngayon, lalo na ang paglupig sa Bataan at pagsakop sa Korehidor, nais kong itampok ang isang matayog na diwang sumasagisag sa aming niloloob sa makasyasyang pagkakataong ito. Ang kahulugan ng pangyayaring ito ay nakapupukaw sa amin upang makaranas ng kagalakan at kaligayahan. Lipus ng paghanga sa dinasusungyaw na katapangan at sa walang gulat na diwa ng pagpapakasakit ng mga hukbong imperial hapones, itinuturing naming di-pangkaraniwang karapatan na mag-ukol ng pamimitagan sa Ktt. pinuno ng mga hukbong imperial hapones at sa Ktt. pinuno ng plota nabal hapones at sa kanilang matatapang na pinuno at tauhan. Nguni't higit sa maligayang mga pagbati, ang sandaling ito ay nanawagan ukol sa matapat na pagpapahayag ng pasasalamat sa kahulugan sa amin ng tagumpay na ito, sapagka't sa pamamagitan ng tagumpay na ito ng Hapon ay naligtas ang Pilipinas at ang bayang pilipino, sa mga pagwawasak at paghihirap pa, at isang bagong panahon ng kapayapaan, kaunlaran at kasaganaan ang napasinayaan.

**SADYANG SA SILANGAN NAKAUGNAY ANG PILIPINAS**

"Nagpapasalamat kami sa kapayapaang dulot ng tagumpay na ito, sapagka't ang pagkatigil ng mga paghahamok sa buong Pilipinas ay humawi sa landas upang aming mapag-ibayo ang mga pagsisikap namin sa ilalim ng pangasiwaang militar hapones sa pagbabagong tatag at pagbaabgong buhay ng Pilipinas na sinalanta at pinapanghina ng salot ng digma.

"Nagpapasalamat kami sa tagumpay na ito dahil sa bagong tanawing ibinigay sa amin. Sa pamamagitan nito'y nadama namin higit kailanman, ang tali ng pakikipagkapatirang nag-uugnay sa amin sa mga mamamayan ng Silangang Asia, lalo na sa dakilang bayang hapones. Sa maingat na pagsusuri sa aming katayuan, di namin naiwasang matuklasan — marahil ay sa aming pagkagitla na di namin naunawaan nang nakaraan — na ang aming dako sa heograpiya, sa halip na maging sanhi upang kami'y maging napakalayong himpilan ng Kanluran, ay gumagawa sa aming likas na hanggahan ng Dakilang Silangan. Mahaba na ang natakbo namin sa tinalikdang apatnapung taon. Naglalakbay na patungo sa Kanluran, sumusunod sa kaniyang magiliw na panawagan, nagdaan kami sa panglabas na pagbabago. Napilitan kaming baguhin ang paraan ng aming pamumuhay, ang aming mga hilig at ang aming mga institusyon upang maiangkop sa hugis ng Kanluran. Gayon man, sa lalong mahalaga at sa pangloob ay nananatili kaming di-nagbabago sa huwaran ng aming mga nuno at ang diwa ng Silangan na aming minana ay hindi mababago. Walang-maliw at walang hanggan, hinamak nito ang lahat ng lakas at ang lahat ng dulot ng kabihasnang Kanluranin. Ngayon ay sumapit kami sa isang bahagi ng aming kasaysayan sa pagka-bansa, na hindi na kami tititig sa Kanluran. Dapat naming ibaling ang aming mga mukha sa Silangan, sa dakong pinag-ukulan ng mga paningin ng aming mga nuno, ang kanilang mga mukha ay natatanglawan ng liwanag ng pagasa. Ngayon, sa ilalim ng nagpapasiglang pamamatnubay ng Hapon ay dapat kaming magbalik sa landas na pinaglayuan sa amin ng mga unos ng mga pangyayaring pandaigdig; sapagka't diyan nakalagak ang aming kaligayahan, kasaganaan at kapakanan.

**Katubusan ng asiatiko ang tagumpay ng Hapon**

"Nagpapasalamat kami sa tagumpay na ito, sapagka't tinubos nito ang lahat nang mamamayang asiatiko na ang mga karapatan at katangian ay pinagkaitan ng nauukol na pagkilala ng kabihasnang Kanluranin. Pinatunayan nito ang kabulaanan ng aral hinggil sa pangingibabaw ng Kanluran na walang humpay na itinuro, kalakip ang di-nahalatang pagkukunwari, na anopa't nakapag-iwan ng mariing bakas sa aming damdamin. Ang digmaang ito ng Dakilang Asia ay walang alinlangang nagpatunay na ang pangingibabaw (superiority) ay hindi isang biyayá sa isang tiyak na kulay ng mga tao, na hindi itó nasasalig maging sa sangkap o sa anyo; sa halip, ang kanyang tunay na pinagbubuhatan ay ang diwa, ang pangunang batis ng lakas at pagbabata. Sa liwanag ng puspusang mga tagumpay ng hapones, ang dangal ng lahat ng lahi sa Asia ay natubos. Sa lahat ng pook sa paligid namin ay aming nakikita ang mga palatandaang di-mapagkakamlan na pangkalahatan ang pagkakagising ng aming mga kalapit na malayo, gayon din ng mga mamamayang intsik at indiyo. Kinamuhian at pinagsamantalahan, isinadlak sa pangangayupapa, walang mabanayad at mahinahong pagbubunsod, o maging pangyayari na di-biglaan at marahas, na makapupukaw sa kanila sa pagkahimbing ng kanilang diwa at isipan. Isang panbihirang lakas ang kinailangan upang malagot ang mga tanikalang nakatali sa kanila, bunga ng mga siglo ng pagkapailalim sa kapangyarihang dayuhan. Mula sa Hapon, ang pintungan ng lakas ng Silangang Asia, nagbuhat ang nasabing pambihirang lakas, pinalis ang kamay na bakal na nakapataw sa mga mamamayang ito at binuksan ang kanilang mga sariling bayan sa isang bagong panahon ng magkakasamang kasaganaan.

**Lupigin ang nagpapahina sa karakter nasiyonal.**

"Sa lahat ng ito ay nagpapasalamat kami, nagpapasalamat

(Buklatin sa pahina 16)

## *Sulyap At Ngiti*

*Sinundan-sundan ka ng hibang kong diwa,*
*upang langitin ko ang iyong sanghaya;*
*kusa kong nilisan ang giray kong dampa,*
*upang hanapin kung ligayang nawala!*

*Ang mga batisa'y sinasalamin ko,*
*baka naroroon ang iyong anino;*
*ang maamong sulyap ng mga mata mo,*
*sa hibang kong puso ay bumabalino!*

*Akin ngang ninais at pinakamithi,*
*dating pagsuyo mo'y malasap na muli...*
*sa labi mong rosas, ang tamis ng ngiti,*
*binabakas-halik ng puso kong sawi!*

*Lupaypay ma't hapo ang aking katawan,*
*bakas ng yapak mo'y sinusundan-sundan;*
*naglaho mang tala ang iyong karikitan,*
*hinahanap-titig ng matang luhaan!*

*Nang sa panagimpan, minsan kang tanawin,*
*kaligayahan kang maramot sa akin;*
*ang sulyap at ngiting sa aki'y habilin,*
*lualhating baon ko sa luksa kong libing!*

*—MATEO V. MENDOZA*

*Kulyanin, Plaridel, Bulakan*

# "Nasaan Ang Aking Ama?"

**ni Arsenio G. Avenido**

**WALANG KAMALAY-MALAY ANG MUNTING SI LITA NA ANG KANYANG AMA AY ISANG SALARING PINAG-USIG NG BATAS AT NAPUTI ANG BUHAY SA PAGGAWA NG MASAMA. . .**

PARANG dihagukan ang dibdib ni Remedios sa itinanong na iyon sa kanya ng bugtong niyang anak na si Lita.

—Nanay, nasaan ang aking ama? —muling tanong ni Litang noo'y magwawalong taong gulang na.

Hindi makasagut-sagot si Remedios at damdam ba niya'y tila sasabog ang nagsisikip niyang dibdib. Hindi sinasadya'y agad naglandas sa kanyang mga humpak na pisngi ang ilang butil ng mapapait na luha.

Nagtataka siya sa kanyang sarili at kung bakit noon lamang naisip-isipan ng kanyang anak na itanong ang gayong mga katagang daig pa halos ang isang matulis na punyal na sumugat sa kanyang puso't damdamin.

Sa loob ng kulang-kulang na walong taon, simula nang isilang niya sa sangmaliwanag si Lita, ay ngayon lamang namutawi sa labi ng kanyang mahal na bunso ang gayong katanungan. At dahil sa katanungang ito'y para manding isang matalim na kidlat na biglang-biglang gumuhit sa kanyang alaala ang masayang kahapon nilang mag-asawa.

Noong may kung ilang taon na ang nakalilipas, si Remedios at si Daniel ay nagkakilala sa isang sayawang idinaos sa Manila Hotel.

Sa pagsasayaw nila, na hinang na hinang ang kanilang mga dibdib, ay agad nagkaunawaan ang tibukin ng kanilang mga puso.

Sa mga pagsusumamo at pagsuyo ni Daniel kay Remedios, ito'y may mga luha pa sa matang isinanla ang kanyang kabanguhan at kamuraan sa binatang itinatangi niya nang higit pa sa sariling buhay. At dahil dito, sa malabis na pangambang baka si Daniel ay mapasa-ibang kandungan pa, ang ginawa'y niyaya ang kasuyong silang dalawa'y lumipad sa kabilang papawirin ng buhay upang doon pagsaluhang tunggain ang matamis na alak ng kaligayahan. Si Daniel na mayroon ring pag-aalinlangan sa kasuyo ay buong pusong sumang-ayon sa kahilingan ng kasintahan.

Sa isang katamtamang bahay sa labas ng lunsod naniranan ang dalawa. Bagama't ang kanilang pinamumugaran ay salat sa karangyaan, ay mayamang-mayaman naman sa pagsusuyuan at pagmamahalan. Maligayang-maligaya silang magsingliyag.

—Daniel, —ani Remedios, isang tanghaling silang dalawa'y magkasalong kumakain, —ipakiusap mo sana sa inyong pinuno na kung maaari ay ilipat ka sa pang-araw at huwag na sa pang-gabi. Namamanlaw ako dito kung gabi. At saka mahirap sa isang babae ang laging nag-iisa sa gabi.

—Oo, hayaan mo't lalakarin kong malagay sa pang-araw, — ani Daniel at saka dinampian nang matutunog na halik ang kabiyak.

—Talagang masarap kang magmahal! —at muling siniil ng halik ni Daniel ang asawa.

Nakaraan ang mahigit na dalawang buwan.

Ang malalaking halaga ng salaping sumasapalad ni Remedios ay hindi lubos nitong ikinasisiya. Hindi niya kailangan ang gayong halaga huwag na lamang magkasakit pa ang laking siyang lahat sa kanyang buhay. Hindi na baleng silang dalawa'y magdildil ng asin huwag lamang magkakaramdam ang alin man sa kanila. Iyan ang matuwid ni Remedios.

Isang umaga'y nabalisa siya nang gayon na lamang. Mataas na ang araw ay wala pa si Daniel.

Maagang-maaga pa'y nakapagluto na si Remedios ng kanilang aalmusalin. At bago pa lamang nagsisimulang tumalon ang mga manok sa kanilang hapunan ay naroroon na si Remedios sa may hagdanan at inaabangan ang pagdating ni Daniel.

Sa tuwing magkakasalo silang dalawa, si Remedios ay walang binabanggit kay Daniel kundi ang paglipat nito sa trabaho sa araw.

—Maghintay-hintay raw muna ako, anang aming pinuno, —ani Daniel sa asawa.

—Alam mo, ang isa pa kaya ko ibig na ikaw ay maging pang-araw ay nang malayo ka sa karamdaman. Kung lagi kang puyat nang puyat, ay malamang na magkasakit ka.

—May awa rin ang Diyos sa ating dalawa. Hindi Niya mapahihintulutang tayo'y magkahiwalay...

—Ngunit mabuti na rin ang nag-iingat, ang wika nga.

Walang anu-ano'y dalawang pulis ang natanaw ni Remedios na dumarating na papalapit sa kanyang kinaroroonan. Kumaba nang malakas ang kanyang dibdib.

—Dito nga po ba nakatira si Daniel Dazel? —anang isang pulis.

—Opo! Bakit po ba? Ano po ang nangyari sa kanya? —sunod-sunod na tanong ni Remedios na nagugulumihanan.

—Ano po ba ninyo siya? —anang isang pulis naman.

—Ako po ang kanyang maybahay? Bakit nga po ba?

—Ang inyo pong asawa ay nakukulong dahil sa kasalanang pagnanakaw.

—Ano ang wika ninyo? Nakukulong ang asawa ko dahil sa pagnanakaw? —nanlalaki ang matang sagot ni Remedios. — Baka po kayo'y nagkakamali,

**(Buklatin sa pahina 12)**

# Ngumingiti — Ang Umaga

ni Ladislao Bella Subang

**KUNG MINSAN, ANG PAGSUBOK SA KADAKILAAN NG ISANG LINIKHA AY NANGANGANIB NA MAGBUNGA NG MALUBHANG PANGYAYARI — GAYA NG MAPAPATUNAYAN SA KUWENTONG ITO...**

NAKAHIGANG inuunan ang dalawang palad, walang kibong naglalakbay ang diwa sa kalawakang walang hanggan, at nakatitig ng walang kurap sa itaas, ay parang may binabasa si Marita sa pag-iisa niya sa kanyang silid. May ilaw-dagitab sila ay hindi sinisindihan at nagkakasiya na lamang sa malamlam na liwanag ng tinghoy na tumatanlaw sa kanyang maliit na altar sa dakong ulunan ng kanyang higaan. Hindi niya nalalaman ay nakatatanan sa kanya ang oras. Kung hindi pa tumawag ang kanyang ina at ipagunitang dapat na siyang uminom ng gamot ay hindi pa siya mapupukaw sa pagkakagupiling.

—Marya Santisima... — nasambit pa niya, — nakalimutan ko nga pala ang reseta ng doktor.

Dapat sanang sumigla ang katawan ni Marita sa masuyong pagtingin sa kanya ni aling Sela datapuwa't parang sinusumbatan siya ng kanyang budhi sa malaking kataksilang nagawa niya sa kanilang angkan.

—Opo, 'Nay, —turing niya sa ina nang pumasok ito sa kanyang silid at itanong kung natatandaan niya ang bilin ng doktor, —huwag daw akong magbubuhat ng mabigat.

Punung-puno ng pagkahabag ang tinging iniukol ni aling Sela sa anak nang tumayo ito at tumungo sa maliit na mesang kinalalagyan ng mga gamot. Nagbuntonghininga siya.

—Kung pinakinggan mo lamang ako, anak, —ani aling Selang nagsisikip ang dibdib, —sana'y hindi mo inabot ang ganitong kapariwaraan. Iyan ang mapapala ng mga anak na hindi marunong tumalima sa mga pangaral ng magulang.

Muntik nang hindi malunok ni Marita ang gamot na nasa kanyang bibig. Biglang kumirot ang sugat ng kanyang puso.

—Si 'Nay naman! —tugon niyang parang napahahabag ang tinig. —Dating paksa na naman!

Nabigla si aling Sela. May dinaramdam ang kanyang anak. Kung totoo mang nagkasala ito sa kanila, ay ina pa rin siyang hindi makatitiis na makitang naghihirap at nagdurusa ang anak.

—O, siya, inumin mo na ang mga gamot na hatol na iyo at huwag mong idamay sa pagdadalamhati ang isang buhay sa sinapupunan mo na nanghihingi ng kalinga, —pabawing turing ni aling Sela, marahang tumalikod at linisan ang silid.

Hindi malaman ni Marita ang kanyang gagawin. Umalis nang bigla ang ama ng buhay na tatlong buwan na niyang tinataglay. Umalis itong walang paalam, gayong tipanan nilang bago isilang iyon ay haharap muna sila sa altar.

Muling nagbangon sa kanyang alaala ang pangako ni Luis.

—Marita... itahimik mo ang iyong kalooban. Sakali mang tumutol ang aking ama sa pagiibigan natin ay mamatamisin ko ang talikdan ang kanilang yaman. Haharap tayo sa altar bago isilang ang unang saksi ng ating pagmamahalan... ikaw at ako ay...

—Ano, Luis, —may inaasam siyang matamis na sumpang magbubuhat sa labi ng binata.

—Ay magsasama hanggang sa huling sandali ng ating buhay.

Lumuwag ang dibdib ni Marita. Paano, sa bunton ng mga dilag sa kanilang pook ay naipagmamalaki niya ang pangyayaring kahi't siya isang maralita at walang naabot na mataas na pinag-aralan ay siya pang kinabaliwan ni Luis, na kabilang sa bantog na angkan ng mga Ortiz.

—Ang kinatatakutan ko'y ang iyong mga magulang. Kilala sa pook na ito kung paano mangatawan sa sinasabi ang iyong matandang lalaki, — nakangiti niyang turing bagaman at may bahid ng alinlangang nakakintal sa kanyang mga mata.

—Tatlong taon akong naghirap nang panunuyo sa iyo, Marita. Tatlong taong nagkasakit ang aking loob. Akala mo kaya ay ipagpapalit ko ang kaligayahang nilalasap ko sa pag-ibig na tatlong taon kong pinaghirapan?

Napatingala siya kay Luis. Parang nag-aanyaya ang kanyang mga labi. May ningning ng pagtitiwalang sumilay sa kanyang mga mata.

—Mahal ko... mahal ko... —bulong niya, —ikaw lamang ang lahat sa akin!

Nguni't bigla ngang nawala si Luis. Kabud na lamang nilang natunghayan sa pahayagan na ito'y idinistino ng kanyang ama sa kanilang bahay-kalakal sa Mindanaw.

NANG PATINGNAN siya ng kanyang ina sa doktor dahil sa pagkahulog ng dati'y mabulas niyang katawan ay nalantad ang kanilang lihim ni Luis. Umuwi silang walang kibuan. Nguni't pagdating ng bahay ay hindi na nakatiis si aling Sela.

—Tingnan mo... tingnan mo ang nangyari sa iyo. Marahil ay pinagtatawanan ka niya ngayon... tayong mag-anak, tayong mahihirap pagka't kay daling ululin!

May apoy ng poot na naglagos sa mga mata ni aling Sela. Salamat at wala si Ka Terong. Napahikbi si Marita. Hindi niya makuhang mangusap. Nagkasala siya at kailangang pagtiisan niya ang kapalit ng pagkakasalang iyon.

—Paano ngayon ang ating karangalan? —malakas na wika ni aling Sela. —Ano ang sasabihin ng mga kapit-bahay natin kung isilang mo ang... Ku, ang batang ire, hindi ko na malaman kung ano ang aking sasabihin.

—Wala pa po namang sinasabi sa akin si Luis, —parang pagtatanggol sa kasuyo ay naitugon ni Marita, —marahil ay babalik agad siya upang tuparin ang pangako sa akin.

—Pangako... —pagagad na turing ni aling Sela, —at kailan tinupad ng mayayaman ang pangako nila sa mahihirap na katulad natin? Ngayon pang nakuha na niya ang gusto sa iyo?

—Si 'Nay naman! Hindi naman lahat ng mayaman ay may malikot na puso. Hanggang wala akong naririnig sa kanya hinggil sa aking katayuan ay hindi ako dapat magbunto ng hinanakit. Mahal niya ako at siya man ay gayundin sa akin. Dangan at siya ay naging mayaman, at kung hindi, sana'y hindi ninyo pag-aalinlanganan ang kanyang katapatan sa akin.

Namutla ang mag-ina nang dumating si Ka Terong at usisain kung bakit maraming gamot sa ibabaw ng kanilang mesa.

—Ee... e... —ang pagatol na tugon ni aling Sela, —ang anak mo... may sakit...

Parang napatda sa pagkakatayo si Ka Terong. Nanikip ang kanyang dibdib. Mahal niya ang anak na ito at ang balita ng kanyang kabiyak ay nakatulig sa kanyang pandinig.

—E, paano ba naman ang nangyari? Baka may nakain kang nakasira sa iyong tiyan. Baka nakapaligo kang sinisipon. Naku, ang batang ire... siya, mahiga ka na at tatawag ako ng manggagamot at nang hindi lumala kung anuman ang sakit na iyan.

—Tao ka naman! —ani aling Selang ang paningin ay palipat-lipat sa asawang nababalisa at sa anak.—Galing na kami


***Ang Ganap Na KALIGAYAHAN Ng Isang Linikha Ay Natatamo Sa PAGTULONG Sa Mga Kulang-palad. Tuklasin Ang Inyong Kaluwalhatian Sa PAG-AABULOY sa KRUS NA PULA!***

# Ako'y Pulis..

**ni Arcadio T. Gole Cruz**

AKO'Y PULIS...

Sa mga palad ko nasasalalay ang kaligtasan ng aking bansa. Sa mga balikat ko napaatang ang maselang na tungkulin — ang pagpapanatili sa katahimikan at kaayusan ng aking bayan sa lahat ng sandali.

Bilang isang PULIS ay pagsisikapan kong maging huwarang Alagad ng Batas. Ako ang una-unang magpapamalas sa mga mamamayan ng mabubuting simulain at magagandang kaasalan, nang sa gayo'y mapamahal ako sa kanila, sa halip na kamuhiang katulad ng isang kaaway.

AKO'Y PULIS...

Sa pagiging PULIS ay lagi akong kaaway ng KASAMAAN, kaya ako, higit sa lahat, ang una-unang dapat magpakita ng KABUTIHAN sa mga mamamayang bumubuhay sa akin nang sa gayo'y pamarisan nila ako.

Ang katapatan sa panunungkulan ay siya kong una-unang dapat panuntunan. Kailanman, sa aking pagiging PULIS, ay di ko tutulutang mabatikan ang aking pangalan ng kasamaan sa harap ng Diyos at ng kapwa ko tao. Marapat kong taglayin ang katapangan at karuwagan sang-ayon sa iniuutos ng kanya-kanyang pangangailangan. Ang Tapang ay siyang lalo kong dapat taglayin lalu't kung siyang iniuutos ng mga pangyayari, datapwa't dapat din akong mag-angkin ng Karuwagan. Dapat akong maging DUWAG sa paggawa ng MASAMA.

AKO'Y PULIS...

Ang tungkulin ko'y lumipol ng MASASAMANG-LOOB. Nahahanda kong ibuwis ang aking buhay sa lahat ng sandali alang-alang sa karangalan ng aking bayan. Ang paghingi o pagtanggap ng SUHOL ay isang gawaing dapat kong pakaiwasan at ipakasumpa. Marapat kong ipakilala sa aking kaanak, lalung-lalo na sa aking mga hinlog na sa aking pagpapala umaasa, na ang kanilang ikinabubuhay ay sa tulo ng Pawis ko nagmumula. Marapat kong ipamata sa kanila, na ako, bilang Ama, at Alagad ng Batas, ay isang huwarang mamamayan. Datapwa't kung hindi ko maisagawa ang lahat ng ito, walang marapat kundi ang ako'y magsalong ng sandata at magbitiw sa tungkulin! **(X)**

---

sa doktor, kaya naresetahan na siya.

Nang tumalikod si Ka Terong ay parang nakaligtas sa isang malaking sakuna ang mag-ina. Paano, alam nila kung paano magalit ito. Walang hunus-dili, hindi marunong duminig ng katwiran at ang mga kamay... walang habag kung mamalo — tulad nang minsang magalit at pahirapan ang bunsong lalaki.

—Paano ngayon ako, —paanas na wika ni aling Sela sa anak, —kung malaman ng ama mo ang tunay na sanhi ng iyong kalagayan.

—Bayaan ninyo 'Nay, —matimpi ang tugon ni Marita, —aalis ako sa bahay na ito. Magtatanan ako sa isang paraang hindi kayo madadawit. Kay buti ninyo sa akin. Hindi ko kayo malilimot.

Nakintal sa mukha ni aling Sela ang bahagyang takot. Sumasal ang kaba ng kanyang dibdib. Nag-apuhap ng sasabihin.

—Anak, hindi kita matutulutan sa balak mong iyan. Alam kong isang malaking pagkukulang ang nagawa mo, napatangay ka sa simbuyo ng iyong kabataan, kaya kung magsisisi ka ay naniniwala akong wala sa ibang pook ang lunas niyan. Lalong angkop na dito ka sa sariling bahay magtika. Maghintay tayo sa itatalaga ng Diyos sa ating palad.

Buhat noon ay nagpakaingat ang mag-ina na mabatid ni Ka Terong ang kanilang lihim. Subali't nang hindi na makatiis si Marita sa gayong kalagayan, ang ginawa ay lihim na nagtungo sa tahanan ng kanyang kasuyo upang humingi ng tulong sa ama nito.

Lihim na humanga si don Facundo sa kagandahan ni Marita nang mapaharap na ito sa kanya.

—Kung ituturing ninyong panghihingi ng limos ang pagdulog ko sa inyo, — turing ni Maritang nangingilid ang luha sa mata, —ay idamot ninyo ako ng kahit bahagya.

Nagmaang-maangan ang don. Inilayo ang usapan.

—Lokang bata ito, —nakatago sa tuyot na ngiti ang poot sa dalaga, —bakit ka manghihingi ng limos. Dapat kang bathalain, suyuin at paglingkurang tulad ng isang panginoon.

Biglang kinabahan si Marita. Nasa tahanan siya ng panganib.

—Nguni't... don Facundo... ako'y... ako'y... mahabag kayo sa akin, —hindi magkantututong wika ni Marita nang humakbang nang papalapit sa kanya ang don.

—Huwag kang matakot, — ngingiti-ngiting turing ng don, —hindi ako tulog na lalaki na nagwawalang-bahala sa pakiusap ng isang magandang katulad mo. Alam kong salapi ang kailangan mo at magkakaroon ka niyan... kung ako'y...

Hindi na mapalagay si Marita. Malikut na malikot ang kanyang mga mata. Inaalon ang kanyang dibdib.

—Maawa kayo sa akin, —lumuluha na si Marita, samantalang paurong nang paurong sa may hagdanan, —kung ayaw ninyo akong dinggin ay aalis na ako. Huwag kayong magtangka ng anuman sa aking kalinisan alang-alang sa inyong...

Napapikit ang don. Namutla. Parang pinipigil ang paghinga. Hindi malaman ang gagawin.

—Andoy... Alejandro... madali. Tumawag ka ng doktor... tumawag ka ng ambulansiya...

Nataranta ang utusan nang makita sa kalagitnaan ng hagdanan ang walang malay na dalaga.

—Inano ninyo, don Facundo, ang kasintahan ng inyong anak? —tanong ng utusan na parang namuhi sa don sa nakitang kalagayan ni Marita.

—Diyablo, madali ka. Tumawag ka ng ambulansiya!

Nang matauhan si Marita ay nasa loob na siya ng magarang silid.

—Saan ako naroroon? —nasnaw sa kanyang mga labi nang makitang pawang lalaki ang nakapaligid sa kanyang hinihigan. Tinangka niyang magbangon.

—Huwag, hija,, —anang manggagamot, —huwag kang magkikilos at makasasama sa iyo. Ipalagay mo ang iyong sarili sa loob ng tahanang ito.

Nakita ni Marita na inakay ng doktor si don Facundo at inilabas. Hindi nagtagal ay nagbalik uli at naupo sa kanyang tabi.

—Tumahimik ka, anak, —masuyo nang wika nito, —ipasusundo ko ang iyong mga magulang.

—Huwag po. Hindi ako dapat abutan sa bahay na ito. Hindi nila nababatid na dito ako nagpunta.

—Hindi maaari. Alam ko kung bakit ka nagpunta rito, —masuyo pa rin ang tinig ng don. — Lahat ng hangarin mo ngayon ay masusunod. Mamayang gabi ay darating si Luis. Tinelegramahan na siya. Pinasasakay ko sa aeroplano, at alang-alang sa batang nasa sinapupunan mo ay sundin mo sana kami. Ako'y nagsisisi sa mapanganib na pagsubok na ginawa ko sa iyo. Akala ko'y inibig mo lamang ang aking kayamanan. Nagkamali ako. Salamat at hindi ganong malubha ang sakunang umabot sa iyo.

Naglakbay ang mga sandali. Parang mabait na batang sumunod sa lahat nang iniuutos ng don si Marita. Hindi humihiwalay ang doktor sa kanyang piling, hanggang sa makaraan ang maraming sandali. Hindi nagluwat, pagkalipas ng may pitong oras, ay may rumaragasang mga yabag na nagtungo sa kanyang silid. Namulat ang mga mata ni Marita. Iginala sa kanyang paligid. Nasumpungan niyang nakangiting tila naaawa sa kanyang kalagayan ang mga naroroon.

—'Nay, patawarin ninyo ako. —wika niyang hinawakan pa sa kamay si aling Sela.

—Huwag ,kang magalaw, anak! —anang matandang babae.

May humawi sa mga taong nakapaligid sa dalaga. Matuwid na tumayo sa tabi niya. Walang kurap ang mga matang sinuyod ng tingin ang nakahigang kasintahan. Nguni't nang mabalingan siya ni Marita ay hindi na siya nakatiis. Sabik na sabik siyang makausap ito.

—Marita... —anang bagong dating, —naririto na ako upang tuparin ang pangako sa iyo. Nalaman ko na ang lahat kung bakit ka nagkaganyan. Nagsisisi na si Papa. Patawarin mo siya.

—Luis... Luis ko... — tangi na lamang nabigkas ni Marita at napabilanggo na siya sa mga bisig ng kanyang mahal, — akala ko'y hindi na tayo magkikita, akala ko'y hindi na ngingiti sa akin ang umaga. **(X)**

---

## Nasaan . . .

**(Karugtong ng nasa pahina 10)**

mga ginoo. Ang asawa ko'y isang mabuting tao at kami'y nabubuhay sa malinis na kabuhayan.

—Kung kayo'y ayaw maniwala ay sumama kayo ngayon din sa amin at nang mapatotohanan ninyo.

Hindi nakuhang magbihis ng damit panlakad si Remedios at noon din ay sumagsag na patungo sa kinaroroonan ni Daniel.

Pagdating sa himpilan ng mga tiktik ay humahagulgol nang iyak na sinugod ng yakap ang asawa.

—Asawa ko! Asawa ko, ano ang nangyari sa iyo? Diyata't... —at nanlupaypay ang katawan at nalugmok, na agad namang naalalayan ng lalaking may luha rin sa mga mata.

Pagkalipas ng ilang saglit, at nang mahimasmasan na si Remedios, ito'y pabulong na nagturing sa asawa:

—Daniel, hindi ko akalain! Oo, hinding-hindi ko...

—Remedios ako'y pinagbibintangan lamang nila, —putol agad ng lalaking namamatayhiya sa kanyang minamahal.

—Paano ngayon ang ating gagawin?

—Ngayon din ay umuwi ka at kumuha ng salapi at maglagak upang ako'y makalayang pansamantala hanggang hindi natatapos ang paglilitis sa akin sa Hukuman. Doon malalaman kung ako'y may kasalanan o wala.

Noon din ay nagdudumaling umuwi si Remedios at kumuha ng sapat na halaga upang makalayang pansamantala ang kanyang kabiyak ng dibdib.

**(Buklatin sa pahina 17)**

# LINGGUHANG ULAT SA KABUHAYAN

**ni D. R. IÑIGO**

Nabawasan nang bahagya ang gugulin sa pamumuhay sa Maynila, ayon sa kawanihan ng senso, na nag-ulat na ang gugulin ay bumaba hanggang 356.2 noong Pebrero 17 samantalang ang pinakamataas na natala sa taon ay 359.6.

Isinasaad sa ulat na ang gugulin sa bawa't buwan ng isang mag-anak sa lunsod na binubuo ng 4.9 katao ay bumaba hanggang P138.21 sa loob ng linggong natapos noong Pebrero 17 o nabawasan ng P1.20 kung ihahambing sa nasaksihan noong Pebrero 10. Ang guguling ito ay mataas ng 1.2 porsiyento kung ihahambing sa natala noong Enero.

Ang pagbaba ng gugulin sa pagkain na P79.65 mula sa P80.92 ay utang na malaki sa hangaring panatilihing mababa ang gugulin bagaman patuloy na tumataas ang halaga ng mga bilihin na itinuturing na "sari-sari."

Sa mga pagkain, ang gugulin sa bigas at isda ay nabawasan ng 9.8 sa una at 19.5 sa ikalawa; ang karne ay nanatili samantalang tumaas ang halaga ng itlog, gulay at bungang-kahoy.

Dahil sa malaking gugulin sa pamumuhay, ang kakayahan sa pamimili ng piso ay bumaba pa hanggang 28.07 sentimo, ang pinakamababang napatala sapul noong Enero ng 1949 at maliit ng humigit-kumulang sa 3-1/6 sentimo sa sukdulang halaga noong Abril at Mayo ng nakalipas na taon.

---

Ang Philippine Trust Company ay nagdaos ng taunang pulong ng mga aksiyonista at naghalal ng mga pinuno. Nahalal na mga patnugot sina Luis Ablaza, Gabriel A. Daza, Gabriel LaO, Chick Parsons, Hermenegildo B. Reyes, Fernando E. V. Sison at Eduardo Romualdez. Ang mga nahalal na pinuno ay sina Eduardo Z. Romualdez, pangulo; Pedro M. Poblete, pangalawang pangulo; Cipriano B. Castro, pangalawang pangulo; Cesar R. Esguerra, pinunong kontador, Paterno M. Sisante, tagapamahala ng kagawarang panlabas; Manuel F. Garcia, pinuno sa 'trust;' Vicente L. Recto, tagapamahala ng kagawaran sa pagpapautang at sa diskuwento; Felipe D. Anub, katulong na tesorero; Fidel Castillo, kahero; Augusto F. Espiritu, auditor; Carlos W. Paulino, tagapamahala ng sangay at S. R. Francisco, kahero ng sangay.



*Ito ang* VELUTINA, *bapor-tangke, nang dumaong sa Mena-al-Ahmadi, Kuwait, Golpo ng Persiya, upang maglulan ng aseyte krudo. Inilathala ang larawang ito upang ipakita ang bagong pangkalinga sa mga sasakyang dagat na nakadaong kung malalaki ang alon o masama ang lagay ng panahon.* (*Sa kagandahang-loob ng* SHELL COMPANY P. I. LTD.)

---

Sa ilalim ng pangangasiwa ng mga Mangangalakal na Pilipino at sa tulong ng Samahan ng mga Mangangalakal sa Bagyo, ang mga mangangalakal na Pilipino ay magdaraos ng kapulungang pambansa sa Bagyo sapul sa Abril 28 hanggang Mayo 1, 1951.

Ang lahat ng sangay ng samahan ay inaanyayahang magpadala ng mga kinatawan sa kapulungang ang pagtatalunan ay mga suliranin ng kabuhayan.

---

Hiniling ng National League of the Philippines, sa pamamagitan ng kapasiyahang iniharap sa Malakanyang at kina Embahador Myron M. Cowen ng Estados Unidos at Pangkalahatang Embahador John Foster Dulles, na bayaran ang lahat ng sinisingil ng Pilipinas sa Hapon na bayad sa napinsala sa digma, kabilang dito ang umaabot sa walong bilyong dolyar na halaga ng salapi sa digmang pinalabas ng Hapones.

Sinabi sa kapasiyahan na ang mga bayad sa napinsala sa digma ay makapagpapabilis sa pagbabagong-tatag ng kapuluan kung masisingil. Idinugtong na sinisingil lamang ng mga Pilipino ang nararapat na tanggapin nila at wala nang iba pa.

Ang liga ay itinatag kamakailan sa lahat ng dako ng bansa at kinabibilangan ng mga propesyonal at mangangalakal. Ang isa sa mga layunin nito ay mapasigla ang kabataan sa pagtataguyod sa mga suliranin ng pamahalaan upang mapaunlad at mapasigla ang karunungan sa pamamatnubay sa kanila. Nilalayon din nitong mapaunlad ang kagalingan sa lipunan at kabuhayan ng mamamayan.

---

Ang malalaking bilihan ng mga ariariang hindi natitinag sa loob ng linggo ay ang sumusunod:

Isang loteng may 392 metrong parisukat sa panulukan ng Cataluña at Andalucia, Sampalok, ipinagbili ni Conchita Coinco kay Nicanor Padilla sa halagang P38.750;

Isang loteng may 392.8 metrong parisukat sa Avenida Washington, Sampalok, ipinagbili ni Maura Johnson kay Jose R. Seguismundo sa halagang P37,000;

Isang loteng may 337.5 metrong parisukat sa Sampalok, ipinagbili ni Oliva Reyes kay Mariano Florendo sa halagang P35,000;

Isang lupaing may 3,578.49 metrong parisukat sa Figueras, Siyudad ng Pasay, ipinagbili ng mga Tagapagmana ng D. Tuason, Inc., sa J. M. Tuason Co. Inc., sa halagang P131,560;

Isang lupaing may 4,491 metrong parisukat sa Avenida Taft Extension sa Siyudad ng Pasay, ipinagbili ng Ernest Berg sa Arellano University sa halagang P112,275.

Isang lupaing may 9,392 metrong parisukat sa Asienda Maysilo sa Lunsod Quezon, ipinagbili ni Fortunato Halili sa Halili Brewery, Inc., sa halagang P93,920;

Isang lupaing may 10,132 metrong parisukat sa Mango Road, San Francisco del Monte, Siyudad Quezon, ipinagbili ni Manuel Sta. Maria kay Ricardo Legaspi sa halagang P35,000;

Isang lupaing may 41,225 metrong parisukat sa bagong-pook ng kapitolyo sa Pasig, ipinagbili ni Mariano V. de los Santos sa Philippine Trading and Investments Corporation sa halagang P130,000;

Isang lupaing may 10,885 metrong parisukat sa Tinajeros, Malabon, ipinagbili ni Paz Natividad balo ni Zulueta kay Isabel Formosa sa halagang P70,000; at

Isang loteng may 942,5 metrong parisukat sa Kalaanan, Kalookan, ipinagbili ni Agapito Ibañez kay Julia Leano sa halagang P31,000.

# SA LIKOD NG PUTING-TABING

**nina L. S. MANABAT at E. V. RAÑOLA**

Ang "press preview" ñg pelikulang "Roberta" na idinaos noong Lunes ñg gabi sa istudyo ñg Sampaguita Pictures sa San Juan ay naging ganap na tagumpay. Dinaluhan ñg mga mamamahayag at ñg mga kasapi sa "Philippine Movie Press Club," ang lahat ay nagkaisang ang "Roberta" ay isa na namang putong na karangalan ñg Sampaguita, gayundin ñg mga bituing nagsiganap na pinangungunahan ni Tessie Agana.

Isa sa kababaihang nanood ñg "Roberta" sa paunang pagtatanghal na iyon ang walang tigil ñg pagsasalita ukol sa kariktan ñg pelikula. Ngayon lamang daw siya nakapanood ñg napakagandang pelikula at panonoorin daw niyang muli sa dulaan. Hindi namin pinagtatakhan ang bagay na iyon sapagka't kami man ay nagpapatunay na sadyang pambihira at kapuripuri ang "Roberta." Nguni't isang nakatutuwang pangyayari ang naganap: Dahil sa walang tigil na kasasalita ñg babaing iyon sa pagpuri sa "Roberta"' ay nalaglag ang pustisong ngipin nang hindi napapansin at kaya lamang napuna ay nang kumagat ñg "sandwich" nang kami'y nagkakaharap-harap sa isang salusalo...

☆ ☆ ☆

Ang "Pulo ñg Engkanto" ñg LVN ay isa sa mga pelikulang katatawanan na maáasahang kalulugdan ñg mga manonood. Sinikap nina Pugo at Togo na mailabas dito ang kanilang buong kakayahan sa pagpapatawa, na naisagawa naman nila ñg buong husay. Maging si Lilia Dizon at si Alfonso Carvajal ay nakatupad nang buong linis sa kanilang papel na ginampanan, kaya tiyak na ang panooring ito'y makaáaliw sa madla.

Nang minsang masalubong namin si Pugo sa Abenida Rizal (noo'y nasa kalahatian pa lamang ang pagsasapelikula ñg "Pulo ñg Engkanto") ay biniro ñg kasamang Manabat. "Ano ba, kumpareng putik, (kung natatandaan pa ñg madla ay lumabas ang dalawang kalbo sa isang pelikulang may pamagat na 'Magkumpareng Putik'), bakit nag-iisa ka lang. Nasaan si Togo?"

"Wala kang paki sa di mo pami!" pabiro ring tugon ni Pugo, at ang mahusay nang dugtong: "E... alam mo'y iniwan ako, e. May nakitang dalagang tagaīranga niya... at alam mo na... sa pamamagitan ñg kaunting hokus-pokus ay naideit na kaagad sa sine. Iniwan na ako."

"A, gano'n pala. E saan ang tuloy mo ngayon?"

"Sa istudyo. May siyuting ang aming 'Pulo ng Engkanto' e. Gusto ba ninyong sumama?"

"Hindi na. Ikumusta mo na lang kami sa mga bata!" —pabirong sagot ni Leon.

Malayo na kami nang kami'y mapalingon nang di kinukusa. Sa buong pagtataka namin ay kasunod din pala namin si Pugo, may kasabay na isang magandang babaing pakindat-kindat pa habang sila'y nag-uusap. Marahil ay isa ring tagahangang nakasalubong at idineit sa sine o... Pinikitan kami ni Pugo, at sa gayo'y alam na namin ang ibig niyang sabihin.

"Naloko na ang siyuting... hindi na matutuloy!" wika sa akin ni Leon.

"Talagang sikat at napakabilis ñg dalawang kalbong iyan!" naitugon ko na lamang.

✣ ✣ ✣

Ang "Kapitan Bagwis" ñg Premiere ay sinasabing mapapabilang sa malalaking pelikula ñg kasalukuyang taon. Kung totoo o hindi ay hindi namin masagot. Nguni't ang pelikulang iyan na malapit nang itanghal ang siyang magbibigay ñg tumpak na kasagutan.

Si Efren Reyes ang tinataguriang ngayon na "Kidlat sa Puting-tabing" dahil sa angking lakas at kaliksihan na kanyang ipinamamalas sa bawa't labasan niyang pelikulang puno ñg aksiyon. Iya'y mapatutunayan sa "Kapitan Bagwis" na siya ang tumutupad ñg pangunahing papel. Nguni't walang maniniwala kung isalaysay namin dito ang isang pangyayaring nasaksihan minsan ni Leon Manabat.

Isang araw na siya'y patungo sa istudyo ñg Premiere ay nakasabay niya si Efren. Sa kanilang paglalakad, may nasalubong silang dalawang binatang lasing. Ang isa ay humalang sa daraanan ni Efren at ang malakas na wika: "Hoy, loko... lalaban ka ba?" at sinurut-surot pa sa mukha ang makisig na artista.



**Ang kahangahangang batang bituin, si Tessie Agana, gumaganap ng pangunahing papel sa "ROBERTA" ng Sampaguita Pictures na kasalukuyang itinatanghal sa Life Theatre.**


Ang akala ni Leon ay dumating na ang oras ñg pangahas na binata. Hinihintay na lamang niyang bigwasan ni Efren ang kaharap na naghahamon, lalo pa't hindi nila kakilala at wala naman silang ginagawa ay parang nakakalalaki. Subali't ngumiti-ngiti lamang si Efren at tinapik-tapik sa balikat ang kaharap. "Hindi ako lalaban, kaibigan. Umuwi ka na at matulog." at pagkasabi niyan ay tuluyan nang lumakad.

Napapamaang si Leon sa pangyayaring iyon, nguni't si Efren na ang kusang nagsalita bilang paliwanag. "Ang akala mo marahil ay nakalalaki na ang binatang iyon, ano? Nguni't hindi. Ayaw ko lang patulan pagka't nalalaman kong siya'y lasing at wala sa katinuan ñg pag-iisip. Kung siya'y matino, nakita mo marahil ang 'paghahalo ng balat sa tinalupan'! Kahit na ilan sila ay hindi ko uurungan." Ngumiti pagkatapos at ang dugtong: "May katwiran ba ako, Leon? Tama ba ang aking ginawa?"


Ang tinukoy ay napatango na lamang.

✤ ✤ ✤

Gagawing may ganap na pagtulong ang U. S. War Dept. at Hukbong Pilipino ay siyang ikinatatangi ng pelikulang "Dugo Ng Bataan" at "Blood and Salvation" ng Zamboanga Pictures na sa linggong ito ay sisimulan nang isapelikula sa estudyo ng Movietec at ipamamahagi ng Lebran Productions. Gagawin ito sa dalawang wika, tagalog at ingles, upang ipamahagi sa ibang bansa. Ang mga bituing nagsisiganap ng pangunahing papel ay sina Leopoldo Salcedo, Mona Lisa at Fernando Royo, kasama ang ilang pilipinong nagsilabas sa pelikulang "American Guerilla In The Philippines. Ginawa ng Zamboanga Pictures ang bagay na ito upang mapalitaw nilang makatotohanan ang tunay na ginawa ng mga pilipino at USAFFE noong panahong nang digmaan. Si direktor Constancio T. Villamar ang siyang mamamahala. Siya rin ang Executive Producer at associate naman si Miguel Gonzales ng siyudad ng Bagyo, samantalang si Cayetano A. Gabral ang tagapamahala sa produksiyon. Si Braulio Calma ang film direktor.




Ang nasa itaas ay isang "shooting" o pagkuha ng pelikula sa "DAVID AT GOLIATH" ng LVN na kasalukuyang isinasapelikula sa pamamahala ni Direktor Nemesio Caravana. Makikitang linalagyan ng "make-up" si Armando Goyena habang si Frankie Gordon at ang iba pang bituing kinunan sa tagpong nasa larawan ay nakikinig sa sinasabi ng Direktor. Katambal ni Armando sa panooring ito ang marilag na si Tessie Quintana.




Isa ring "shooting" sa pinakahihintay na pelikula ng LVN: ang "PRINSIPE AMANTE SA RUBITANIA" na tinatampukan nina Rogelio de la Rosa at Delia Razon. Makikita si Direktor Bert Avellana na tila may mahalagang bagay na ipinaliliwanag samantalang taimtim na nakikinig sina Delia Razon (nakabalatkayo ng kasuutang lalaki, putol ang buhok at may bigote), Nida Blanca, Tony Santos, Bill Smith at marami pang iba. Ang pelikulang ito ay isa pang magandang kasaysayan ng mga pakikipagsapalaran ni Prinsipe Amante.






## Nasaan . . .

(Karugtong ng na sa pahina 12)

Nang makalayang pansamantala si Daniel, may ilang linggo ring namalagi siya sa bahay.

Noon, ay hindi na gaya ng dating lagi silang may ngiti sa labi, may lambingan at halakhakan. Lagi na lamang silang malungkot at nagbubuntung-hininga.

Gulung-gulo ang isipan ni Daniel.

Ikinababalisa niya kung paano mapagtatagumpayan ang kanyang usapin. Kailangang mapatotohanan niya kay Remedios na iyon nga ay pagbibintang lamang sa kanya o paghihiganti lamang ng mga alagad ng batas.

Isang gabing marahil ay mag-iika-tatlo na sa madalingaraw, samantalang nahihimbing marahil si Remedios, ay maingat na nanaog si Daniel na hindi matiyak kung saan patutungo. At dahil sa marami nang gabing puyat na puyat si Remedios, nang magising ito'y umaga na. Napuna agad niyang wala sa kanyang piling si Daniel. Nagbalikwas at pinaghanap ang minamahal.

Nang sikat na ang araw, ay muli na naman siyang nakatanaw ng pulis na papalapit sa kanya. Malakas ang kaba ng kanyang dibdib at sumaloob agad niyang mayroon nanamang nangyari kay Daniel. Kaya, siya na ang sumalubong sa dumarating na pulis.

—Ano po ba ang kailangan ninyo? —mangiyak-ngiyak niyang usisa.

—Ikinalulungkot kong ibalita sa inyo na ang inyong asawang si Daniel ay patay na pagka't nabaril sa loob ng tahanan ni don Marcos.

—Ano ang wika ninyo, ginoo? —at biglang natulo ang luha at pagkuwa'y sinundan nang malakas na panangis.

Noon din ay patakbong tinungo ni Remedios ang kinaroroonan ng bangkay ng mahal niyang kabiyak ng dibdib.

At sa pamamagitan ng pagsasalaysay ni Don Marcos at ng mga alagad ng batas, noon natalos ni Remedios na ang kanyang asawa'y kabilang nga sa mga kaluluwang naligaw sa landas ng buhay. . .

Ang bangkay ni Daniel na nakabulagta sa loob ng bakuran ni don Marcos ay humahagulgol na pinaghahagkan ni Remedios.

—Daniel, asawa ko! Bakit mo ako iniwan sa ganitong kabuhayan! Oh, asawa ko, bakit ka nagkaganyan? —At sa malabis na sama ng loob ay halos panawan ng ulirat ang kahabaghabag na babae.

[illegible] ang bangkay ni D[illegible] [illegible] lipas [illegible] [illegible] ni [illegible] ang isang sanggol na babae.

Noon naramdaman ni Remedios na lalo nang umantak at kumirot ang sugat ng kanyang puso. Sa nakikini-kinita niyang sasapiting masaklap na kabuhayan ay minabuti pa niya noon ang siya ay mawala na rin sa balat ng mundo, at nang sa gayo'y muli niyang makapiling ang lalaking bagama't sinusumpa at itinatakwil ng lipunan ay mahal na mahal pa rin sa kanya.

Nguni't kung nadidili-dili niyang kailangan munang palakihin ang bunga ng kanilang matamis na pag-iibigan ni Daniel, ay napagsisisihan niya ang masamang binabalak niya sa buhay.

Salamat at sa loob ng ilang taon ay napagtiyagaan at napagtiisan rin niyang mapalaki si Lita sa pamamagitan ng kanyang pagtanggap-tanggap ng mga labada.

Nguni't isang araw nga ay kung bakit naisip-isipan ni Lita na itanong sa kanyang ina kung saan naroon ang kanyang ama.

—Nanay, nasaan ang aking ama? —ani Lita, pagkapanhik sa bahay buhat sa pakikipaglaro sa mga kapuwa bata.

Hindi nakasagot si Remedios sa itinanong na iyon ng kanyang bugtong na anak at hindi sinasadya'y napaluha na lamang siya. (X)



Magpalamig... dagdagan ng sigla ang oras




MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA

San Miguel Brewery

# PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY



**PAHALANG**


1. [illegible]
6. Kusim sa dahas
11. Tagapagingat (iniklian)
14. Tantiya
15. Bagong-tao
16. Taguri sa babae
17. Sikdo
18. Bayan sa Pampangga
19. Taguri sa banal
20. Ang marino ng Bagdad
22. Talampas (isang hati)
23. Pases sa paglalakbay sa ibang lupain
24. Lamang dagat na may sipit (unang apat na titik)
26. Pikpik
28. Ihinga ang ibig sabihin, ang nakukuyom
32. Dunghal
36. Wa... (tanyag na pansiterya sa Maynila)
37. Ikatay
39. Diyosa ng mga bulaklak
40. Ilag
42. Batang artistang gaganap sa "Roberta"
44. Daing ng sakit
45. Pagapangan ng halaman
47. Bayan sa Sebu
49. Taba ng baka (kinaltas ang unang titik)
50. Hasyenda sa Palanyag
52. Mga bagong-tao
54. Liksi
56. Ulos
57. Laing
60. Sapin ng laman (huling pantig)
62. Bahagyang galos
66. Hope (Kabayong panga-[illegible]
[illegible] Munting pusa
[illegible]
[illegible] Sugat
[illegible] ang sama ng loob
[illegible]-Darag
73. Paraan ([illegible])
74. Pananong ng kinaroroonan
75. Uri ng palmera


**PABABA**

1. Kitil
2. Isdang may buntot
3. Katngang panuro
4. Pares, magkamukha
5. Kritiko sa panitikan
6. Pagligtas sa nalulunod (huling pantig)
7. Mahinang usal
8. Lasing
9. Itala
10. Panunuwid (kinaltas ang unang titik)
11. [illegible]
12. Pang-abay sa oras
13. Caro... (pangalang babae)
21. Jai... (bahay-palaruan)
23. Napiling mahusay na manunulat sa ingles ng FP
25. Wala pa sa oras
27. Lakas sa himpapawid ng Pilipinas (pantitik)
28. [illegible]
29. [illegible]
30. [illegible] ng Quezon
31. Paboritong sigarilyo ng Tanasalera
33. Bayang larangan ng digmaan
34. Daungan sa Netherlands West Indies
35. Pakay
38. Pagbuhat
41. Bihasa
43. Hihintayin ang pagdating
46. Gaya (unang tatlong titik)
48. Nalo
51. Naiyak
53. Naalis ang tahi
55. Katas ng isda
57. Babaing reporter sa Superman
58. Babalik sa bahay
59. Mga bahagi ng sang-araw
61. Pampaputi ng inaimirol
63. Kinalalagyan
64. Gusto
65. Supot ng butil
67. Anak ng kapatid (huling pantig)
68. Kataga

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot sa Nakaraan





## Nagsipanalo sa PALAISIPAN noong Pebrero 25

1. *Avelina San Jose* — 1086 Miguelin, Sampalok
2. *Roman F. Absulio* — Lucban Academy, Lucban, Quezon
3. *Bb. Felipa Sta. Ana* — Biñang, Bocaue, Bulacan
4. *Florencio Jusay* — 78 A. Mabini, Sta. Cruz
5. *Patricio M. Garcia* — 42 Sanciangco, Malabon

Magsisitanggap sila ng ikalawang buwan suskripsiyon ng Panlingguo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: *PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.*

(Ang mga padalang sagot na wala sa pangalan ng *PALAISIPAN* ay hindi pahahalagahan. • Ang mga nanalo na sa *PALAISIPAN* na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanalunin muli.)

## Anino . . .

ming maka-sining. Ayaw na ayaw ni David na magpatuloy sa sining na iyon. Hindi siya napahinuhod, sinalungat niya ang katipan; sapagka't iyon ay sining na bahagi ñg kanyang puso, na nakikipangagaw sa panig ñg kanyang pag-ibig; sapagka't nakaugnay sa kanyang pagkatao, nakakandong sa kanyang kasalukuyan at kaganapan ñg kanyang mga pangarapin.

Pinanindigan niya ang kalayaan ñg sarili.

—Hindi naman ako nagkukulang... at iyan ay bahagi pa nga ñg kaligayahang ipinangako mo sa akin,—ang kinalasag niya, bilang pagtatanggol sa kanyang pagka-bituin.

Wala siyang narinig na tumugon, kung hindi ang mga taguktok ñg sapatos nang pagpanaog ni David na inihabilin sa kanya ñg nangiming katahimikan

—David! David... hu-hu-hu Huwag [illegible] akong lisanin, David! [illegible] huwag... David! —ang kanyang huling tinig ay nilunod ñg mga luhang namalisbis sa mga pisngi.

...ang huling agaw-aw ng kanyang tinig na papalayo ay hinabol ng aking mga palakpak. Hindi lamang pala ako ang naghahandog ng gayong papuri, ayaw ko tuloy amining ako'y isa lamang sa karimlang nagpapatingkad ng kanyang luningning. Babalik... babalik... Ang tinig ko'y isinasabog ng aking mga palakpak!

Ang kanyang pagtalikod ay nag-iwan lamang ng ilang mga yapak na madali ring binawi ng kanyang mga hakbang.

Kay puputi ng kanyang mga ngipin, gayung-gayon ang mga perlas na kuwintas ng aking Nanay. Ngumiti siya, gayung-gayon nang bumukadkad ang mga bukong rosas na aking dinidilig araw-araw. (Larawan siya ng walang kupas na kaligayahan...)

Himig ng rumba ang ipinaililanglang ng orkesta na malikling inagaw ng aking ulinig. Ang kanyang tinig ay kinandong ng himig na iyon. Naramdaman kong naninibugho ang aking pandinig.

Ang kanyang katawan ay kumunyang, ang mga bisig ay umimbay. Kumunyang-umimbay ...umimbay-kumunyang... ang kanyang katawan, bisig... ang bisig, katawan.

Nalunod ang aking paningin sa kaligayahang bumukal sa kanyang kagandahan, nguni't ang kauhawan ng aking pagkalinalang ay nagsusumamo ng sampatak na pantighaw!

Nang bumaba siya sa tanghalan ay isang buong daigdig ang nagpugay, at isa ako sa bahagi ng daigdig na iyon kung kaya ko siya hinahangaan. Siya; na ang kayamanan ay isang anino sa puting-tabing. (X)






Si Mely Lim ay tinatampok sa "Tres Musketeros" ng Sampaguita Pictures.

Flowers by Tres Chic

# Isang maka-langit na kutis!




ANANG MAPANGGAYUMANG SI MELY LIM

## "Lagi akong gumagamit ng Camay"

"Kababalaghan!" Sa aking unang pastilya ng Camay ay natamo ko na ang isang magandá, marangyang kutis — lalong malambot, makinis at napakarilag. At, tunay na naibigan ko ang mapanghalinang halimuyak ng Camay, ito'y mapag-anyaya sa romansa."

SA INYONG UNANG PASTIYA NG CAMAY— kayo man ay hahanga sa panghalina sa pag-ibig na kagandahan dulo't ng Camay... na pinatingkad na mapanggayumang halimuyak nito. Kayat gumamit ngayon ng Camay... ang panlinis na ipinapayo ng mga bituin sa puting tabing... at kayo ay magtatamo ng ibayong kaibig-ibig na kutis, lubos na romansa para sa inyo. Ang Camay ay matipid pa rin.



**CAMAY FATI SA PALILIGO**

Paggamit ng Camay sa paliligo, masdan kung gaano katagal kayo binabalot ng [illegible] halimuyak [illegible] na [illegible] sa [illegible].

**ITINATANGI NG MGA BITUIN**

# CAMAY

*Ang Sabon ng Kagandahan*